# Ang sinumang nagsabi, kapag naririnig niya ang panawagan, ng: Allāhumma rabba hādhihi -dda`wati -ttāmmāti wa-ṣṣalāti -lqā’imah, āti muḥammadani -lwasīlata wa-lfaḍīlah, wa-b`athhu maqāmam maḥmūdani -lladhī wa`attahu (O Allāh, ang Panginoon nitong panawagang lubos at ṣalāh na isasagawa, ibigay Mo kay Muḥammad ang kaparaanan at ang kalamangan at buhayin Mo siya sa katayuang pinapupurihan, na ipinangako Mo), dadapo sa kanya ang Pamamagitan ko sa Araw ng Pagbangon."}

Ayon kay Jābir bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang sinumang nagsabi, kapag naririnig niya ang panawagan, ng: Allāhumma rabba hādhihi -dda`wati -ttāmmāti wa-ṣṣalāti -lqā’imah, āti muḥammadani -lwasīlata wa-lfaḍīlah, wa-b`athhu maqāmam maḥmūdani -lladhī wa`attahu (O Allāh, ang Panginoon nitong panawagang lubos at ṣalāh na isasagawa, ibigay Mo kay Muḥammad ang kaparaanan at ang kalamangan at buhayin Mo siya sa katayuang pinapupurihan, na ipinangako Mo), dadapo sa kanya ang Pamamagitan ko sa Araw ng Pagbangon."}
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagsabi, kapag nakaririnig sa mu'adhdhin matapos na magwakas ito mula roon, ng sumusunod: "Allāhumma rabba hādhihi -dda`wati (O Allāh, ang Panginoon nitong panawagang)" na mga pananalita ng adhān na ipinananawagan sa pagsamba kay Allāh at ṣalāh; "[a]ttāmmāti (ganap)" lubos, ang panawagan ng Tawḥīd at Pasugo. "wa-ṣṣalāti -lqā’imah (at ṣalāh na isasagawa)" palagian na isasagawa. "āti muḥammadani -lwasīlata (ibigay Mo kay Muḥammad ang kaparaanan)" at ang katayuang mataas sa Paraiso na hindi nararapat kundi sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). "wa-lfaḍīlah (at ang kalamangan)" ang antas na nakahihigit sa mga antas ng mga nilikha. "wa-b`athhu (buhayin Mo siya) at bigyan Mo siya. "maqāmam maḥmūdan (sa katayuang pinapupurihan)" na pupurihin ang tatayo roon, ang pinakadakilang Pamamagitan sa Araw ng Pagbangon. "[a]lladhī wa`attahu (na ipinangako

Mo)" sa sabi Mo (Qur'ān 17:79): {marahil buhayin ka ng Panginoon mo sa isang katayuang pinapupurihan} dahil ito ay magiging ito ay ukol sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Kaya ang sinumang dumalangin ng panalanging ito, naging karapat-dapat siya at nangindapat sa kanya ang Pamamagitan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Araw ng Pagbangon.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10635